



## Unang Pagpipilian ng Komunidad

### Pangkalahatang-ideya

Ang Unang Pagpipilian ng Komunidad ay ang plano ng estado ng DSHS Pangangasiwa ng mga Kapansanan sa Pag-unlad na sumusuporta sa mga indibidwal na manatiling nakatira sa komunidad. Ibinibigay ang mga serbisyo sa mga bata o nasa hustong gulang sa kanilang sariling tahanan, isang tahanan ng pamilyang nasa hustong gulang o isang pasilidad na may tulong sa pamumuhay.

### Mga Serbisyo

- **Personal na Pangangalaga** Tulong sa mga pang-araw-araw na gawain tulad ng pagligo, pagbibihis o pangangasiwa ng gamot.
- **Pangangalaga sa Kaginhawahan** Maaaring gamitin kung hindi available ang regular na caregiver.
- **Pagkuha ng mga Kasanayan** Pagsasanay upang maging mas independente sa pang-araw-araw na mga gawain sa personal na pangangalaga.
- **Pantulong na Teknolohiya** Mga device na makakatulong upang independenteng makumpleto ang mga gawain sa personal na pangangalaga.
- **Sistema ng Personal na Pagtugon sa Emergency** Isang elektronikong device na nakakonekta sa isang telepono na humihingi ng tulong sa isang emergency.
- **Pagsasanay sa Pamamahala ng Caregiver** Matutong tumulong sa pag-hire, pamamahala at pagpapaalis ng mga caregiver.
- **Mga Serbisyo sa Transisyon ng Komunidad** Tulong sa mga paglipat mula sa isang kwalipikadong setting ng institusyon patungo sa komunidad.
- **Delegasyon ng Nars** Pagsasanay at pangangasiwa sa pag-aalaga para sa mga caregiver upang maisagawa ang ilang mga gawain sa tahanan.

### Pagiging Karapat-dapat

Mga indibidwal na:

- Mga kliyente ng DDA o, kung wala pang 18, ay may kwalipikadong kapansanan sa pagganap.
- Maging kwalipikado para sa ilalim ng Apple Health o iba pang alternatibong plano ng benepisyo.
- Mayroong hindi natutugunan na mga pangangailangan ng personal na pangangalaga dahil sa mga limitasyon sa pagganap ng isang kapansanan.
- Matugunan ang antas ng pangangalaga sa institusyon.
- Sumang-ayon na tanggapin ang mga serbisyong nakabatay sa tahanan at komunidad kaysa sa mga serbisyong institusyonal.
- Nakatira sa kanilang sariling tahanan, isang pasilidad na may tulong sa pamumuhay o isang adultong bahay ng pamilya



### Awtoridad

Ang Unang Pagpipilian ng Komunidad ay isang Medicaid opsyon sa plano ng estado sa karapatan na itinatag ng Affordable Care Act, sa ilalim ng 1915(k) ng Social Security Act. Pinangangasiwaan ito ng Washington State Department of Social and Health Services.

**RCW 74.39A.400**, mga serbisyo sa personal na pangangalaga – opsyon ng Unang Pagpipilian ng Komunidad

**Kabanata 388-106 WAC**, mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga



## Badyet

Humigit-kumulang 16,500 DDA naka-enroll na indibidwal ang tumatanggap ng suporta sa pamamagitan ng programa ng Unang Pagpipilian ng Komunidad.

Tumatawid sa maraming yunit ng badyet ang mga gastos na ito at hindi namin kasalukuyang sinusubaybayan sa antas na ito.

## Mga Rate

Inihahatid ang mga serbisyo ng CFC ng maraming iba't ibang kinontratang service provider na ang mga rate ay nakadepende sa serbisyong inaalok.

## Mga Kasosyo

- Mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo.
- Mga pamilya ng kalahok ng programa.
- DSHS' Aging and Long-Term Support Administration. (Administrasyon ng Pagtanda at Pangmatagalang Suporta.)
- Department of Children, Youth and Families. (Departamento ng mga Bata, Kabataan at Pamilya.)
- The Arc of Washington. (Ang Arc ng Washington.)
- DD Ombuds. (Ombuds ng DD.)
- Disability Rights Washington. (Mga Karapatan sa Kapansanan Washington.)
- Washington State Developmental Disabilities Council. (Konseho ng Mga Kapansanan sa Pag-unlad ng Estado ng Washington.)
- Health Care Authority. (Awtoridad sa Pangangalagang Pangkalusugan.)
- Pagpapaalam sa mga Pamilya.



## Pangangasiwa

### External

- ALISA Dibisyon ng Serbisyo sa Pangangalaga sa Paninirahan.
- Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid.
- Opisina ng Auditor ng Estado.
- Washington State Department of Health. (Departamento ng Kalusugan sa Estado ng Washington.)

### Internal

- DDA Office of Quality Programs and Services. (Opisina ng Kalidad na mga Programa at Serbisyo ng DDA.)
- DDA Office of Compliance, Monitoring and Training. (Opisina ng Pagsunod, Pagsubaybay at Pagsasanay ng DDA.)
- DDA Statewide Investigation Unit. (Yunit ng Imbestigasyon sa Buong Estado ng DDA.)

Makipag-ugnayan: **Suzan Halle**, *Tagapamahala ng Programang Unang Pagpipilian ng Komunidad* • [Suzan.Halle@dshs.wa.gov](mailto:Suzan.Halle@dshs.wa.gov) • 360-764-3561  
**Melissa Randles**, *Tagapamahala ng Yunit ng Serbisyo sa Plano ng Estado* • [Melissa.Randles@dshs.wa.gov](mailto:Melissa.Randles@dshs.wa.gov) • 360-764-0405

DDA website: <https://www.dshs.wa.gov/dda/>

Washington State Department of Social and Health Services  
(Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan sa Estado ng Washington.)